ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 21
Nobyembre 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Labanan ang Task Force Philippines ng imperyalistang US



Dapat buong-lakas na batikusin at labanan ang binuong Task Force Philippines ng imperyalistang US na gagamitin nito sa ibayong panghihimasok militar sa bansa. Sa pagbubuo ng Task Force Philippines, lalong garapal na kinokontrol ng US ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at iba pang pwersang panseguridad ng estadong neokolonyal para magsilbi sa heyopulitikal na interes ng US sa Asia.

Ang Task Force Philippines ay isang bagong yunit ng militar ng US na nakabase sa Pilipinas. Layunin nitong itakda ang direksyon, plano at mga operasyon ng AFP sa "depensang panlabas" mula sa South China Sea hanggang sa Luzon Strait, laban sa diumano'y "mapamwersa at agresibong" kilos ng China sa karagatan.

Malaking kabulastugan ang deklaradong layunin nitong "pag-ibayuhin ang pagtutulungan ng US at Pilipinas." Katawa-tawa na inamin mismo ng hepe ng AFP na wala siyang alam na detalye tungkol sa planong *task force* na ito ng US. Ang alam lamang niya ay nakabatay ito sa konsepto at operasyon ng Task Force Ayungin na itinayo ng US noong nakaraang taon.

Itinayo ang naunang *task force* na ito noong 2024 at binuo ng mga upisyal militar ng US. Ito ang nagplano ng mga operasyong "resupply" ng AFP sa barko nitong BRP Sierra Madre na nakabahura sa Ayungin Shoal. Ipinadala ng US ang kanyang kagamitang militar at sandata, at sinuportahan ng kanyang sarbeylans panghimpapawid at pangkalawakan (*satellite*). Sa madaling salita, ang mga "resupply mission" ng AFP ay mga operasyong pangkaragatan na direktang utos at kontrol ng US.

Ang pagbubuo ng Task Force Philippines ay pinakahuling pakana ng imperyalistang US at tandang-bato ng mas mataas na antas ng panghihimasok sa bansa. Nagsisilbi ito sa balangkas ng Indo-Pacific Strategy ng US sa pakay na palibutan ang imperyalistang karibal nitong China, at pigilan ang lalong paglago ng kapangyarihan nito sa militar at ekonomya.

Ilang taon nang ginagamit at ginagatungan ng US ang hidwaang pangkaragatan ng Pilipinas at China, upang bigyang matwid ang paggamit sa Mutual Defense Treaty at iba pang mga tagibang na kasunduang militar para palakasin ang presensya ng mga pwersang militar nito sa Pilipinas. Itinayo nito ang hindi bababa sa siyam na base militar ng US na kinikilala sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Mas marami pang hindi inaaming base at pasilidad ng US sa iba't ibang panig ng bansa, kabilang ang itinayong pasilidad ng AFP sa Mavulis *island* sa Batanes para magamit ng US. May presensya rin ang militar ng US sa mga pasilidad sa Ilocos Norte, sa Aurora, Quezon,

Mindoro, Panay, at iba't ibang bahagi ng Palawan. Tinatauhan ang mga ito ng mga upisyal at sundalong Amerikano, o pinaglalagakan ng mga sandata katulad ng Typhon *missile system* at iba pang mga mapamuksang armas. Balak din ng US na itayo sa bansa ang mga pagawaan ng bala, *drone* at iba pang armas. Dagdag pa rito ang plano ng US na magtayo ng *refuelling depot* sa malawak na karagatan ng Davao Gulf.

Permanente din ang presensya sa karagatang sakop ng Pilipinas ng mga barkong pandigma ng US, kabilang ang mga dambuhalang *aircraft carrier* na lulan ang libu-libong sundalong Amerikano. Malaya itong naglalayag at dumadaong sa alinmang bahagi ng Pilipinas. Ginagamit ang mga ito sa sunud-sunod at sapin-saping inilulunsad na pagsasanay sa gera sa Pilipinas, na pawang nakatuon sa senaryo ng pagsiklab ng digmaan sa China.

Sagadsaring tuta si Marcos sa kanyang imperyalistang among US. Lalo pa siyang nagiging sunud-sunuran dahil sa desperasyong kunin ang suporta ng US. Ito ay sa harap ng kumukulong pampulitikang krisis bunsod ng nabunyag na dambuhalang mga kaso ng korapsyon at nagpapatuloy na malawak na kilusang protesta laban sa kanyang rehimen.

Sa pulong kamakailan ng ASEAN, si Marcos ang nagsilbing tagapagdala ng adyenda ng US, at itinulak ang aniya'y "enhanced defense cooperation" ng mga bansa sa Southeast Asia laban sa "banta at agresyon" ng China. Nasupalpal si Marcos nang wala ni isang sumuporta sa kanyang panukala.

Alinsunod sa utos ng US, sunud-sunod na pinasok ni Marcos ang mga kasunduang "visiting forces" sa Japan at Canada, na pawang mga bansang may alyansang militar sa US. Pakay nito na pahintulutang gamitin ng mga bansang ito ang teritoryong pandagat at kalupaan ng Pilipinas para sa mga kasanib-ng-US na mga operasyong militar. Ngayon naman ay ipinagmamalaki ni Marcos na bibili siya ng mga kagamitang pandigma sa US upang diumano'y makalaban ng isang buwan bago humingi ng tulong sa ibang bansa.

Katugma ng adyenda ni Marcos, kumikilos ang iba't ibang maka-US na partido, organisasyon, mga institusyon at bahagi ng masmidya para suportahan ang papalaking presensyang militar ng US sa Pilipinas, sa tabing ng pagtatanggol sa "West Philippine Sea." Ang mga ito ay pawang pinopondohan ng imperyalismong US na dumadaan sa mga institusyong tulad ng National Endowment for Democracy at dumadaloy sa grupong tulad ng "INCITEgov." Noong 2023, naglaan din ang gubyernong US ng $1.6 bilyon para sa 5-taong programa para sa "propagandang kontra-China".

Pinapaypayan nila ang Sinophobia o ang pagkamuhi sa lahat ng may kinalaman sa China. Tulad ni Marcos, pinalalabas nilang may banta ng "pananakop" at "agresyon" ng China, subalit tahimik kung papaanong ang Pilipinas ay nanatiling neokolonya ng imperyalismong US. Pinalalabas nila na "maka-China" ang sinumang tumututol sa mga panghihimasok militar ng US sa Pilipinas.

Umaasta ngayon ang mga Duterte na anti-US upang tabunan ang usapin ng korapsyon na dawit ang kanilang pamilya. Hungkag ang astang ito. Nang nasa poder, walang ginawa si Rodrigo Duterte para ipasara ang mga EDCA *site* at tuluyang ibasura ang VFA at mga kasunduang militar sa US. Pinalaya niya ang sundalong Amerikano na pumatay kay Jennifer Laude. Tahimik ngayon ang mga Duterte sa plano ng US na itayong *refuelling depot* sa Davao Gulf.

Sa harap ng lumalakas na tulak ng US para mang-upat ng digmaan at kaladkarin o gamitin ang Pilipinas sa panggegera laban sa China, mahigpit ang pangangailangang magkaisa ang sambayanan upang kumilos para sagkaan at labanan ito.

Dapat palakasin ang sigaw ng bayan para lansagin ang lahat ng base militar ng US, alisin ang lahat ng mga misayl ng US sa mga sikretong lokasyon sa Pilipinas, at palayasin ang nanghihimasok na mga pwersang militar ng US sa bansa. Dapat iugnay ang sigaw na ito sa pakikibaka ng sambayanan para makawala sa mga kuko ng imperyalistang mandaragit, kamtin ang kasarinlan at itayo ang bansang malaya at maunlad. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 21 | Nobyembre 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Labanan ang Task Force Philippines ng imperyalistang US 1
Pagpapakatuta ng rehimeng Marcos sa US 3
Dambuhalang protesta kontra kurakot sa Nob. 30 4
Hagupit ng bagyo at katiwalian sa Cebu 5
Mga protesta 5
Pakikibakang manggagawa 5
94th IB, inatake ng BHB 5
Pinalalakas ng Kaguma ang kanyang hanay 6
Sa madaling salita 7
Tumitinding panunupil ng rehimeng Trump 8
Lumulubhang kalagayan ng mga Pilipinong migrante 9
North Caloocan, isinailalim sa militarisasyon 9
Panghihimasok ng NTF-Elcac sa mga unibersidad 10
Isla ng Leyte, sinalanta ng militarisasyon 10
Paglabag sa karapatang-tao sa Panay at Negros 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Tutang rehimeng Marcos Jr: Tagapagtaguyod ng imperyalistang adyenda ng US sa SEA

Noong Oktubre 31, inianunsyo ni Pete Hegseth, kalihim ng Department of War ng US (dating Department of Defense) ang pagtatatag ng US ng "Task Force Philippines" sa pulong ng ASEAN Defense Ministers' Meeting (ADMM)-Plus sa Malaysia. Bubuuin ang *task force* na ito ng 60 elemento mula sa US Pacific Fleet at pamumunuan ng isang Amerikanong heneral. Pagpapalawak ito sa mga operasyon ng US Task Force Ayungin na nakabase sa Palawan at kasalukuyang nagdidirihe sa pakikipagkiskisan ng Pilipinas sa mga barkong Chinese sa pinag-aawayang mga isla at bahura.

Isinapubliko ni Hegseth ang Task Force Philippines matapos hindi sang-ayunan ng ASEAN ang panukala niyang pagbubuo ng isang "shared maritime domain awareness program" para isentro sa US ang mga datos-paniktik laban sa China. Hindi kumagat ang mga bansa sa panukala sa kabila ng alok niya ng abanteng teknolohiyang *drone* tulad ng mga *unmanned* na sasakyang panghimpapawid at pandagat kapalit ng kooperasyon.

Isa na lamang "Indo-Pacific Chiefs of Defense Cooperation Council" ang binuo ni Hegseth, kasama ang sunud-sunurang tuta nitong si Gilbert Teodoro, at mga kalihim sa depensa ng Australia at Japan sa pagpupulong nila sa Malaysia noong Nobyembre 1. Walang bago sa konsehong ito dahil ang apat na bansa ay may sapin-sapin nang "kooperasyon" sa anyo ng mga *bilateral, trilateral* at *multilateral* na kasunduang militar.

Tagapamandila ng imperyalistang adyenda

Bago ang anunsyo, nagpahayag ng pagkabahala ang mga karatig-bansa ng Pilipinas sa talumpati ni Ferdinand Marcos Jr sa ASEAN noong Oktubre 28 kung saan nanawagan siya para sa "enhanced defense cooperation" kasama ang Japan at US laban sa "seryosong banta ng agresyon ng China" sa rehiyon.

Babala ng *prime minister* ng Malaysia na si Anwar Ibrahim, "huwag magpadala sa mga eksternal na pwersa" para lutasin ang internal na mga sigalot. Ani Ibrahim, marapat na parehong iwasan ang pamimilit at kaguluhan alang-alang sa istabilidad ng rehiyon. Inengganyo niya ang mga bansa na idaan sa dayalogo, kooperasyon at mapayapang paraan ang pagresolba ng mga usapin alinsunod sa mga prinsipyo ng ASEAN. Nagpahayag ng pagkabahala ang Indonesia, Laos at Cambodia sa lalo pang pag-init ng tensyon sa karagatan dulot ng agresibong paghahamon ni Marcos sa China.

Kamakailan, iwinasiwas pa ng kumander ng AFP na si Romeo Brawner ang kakayahan ng Typhon Missile System na "abutin ang China." Nakalagak ang naturang sistema ng misayl sa hilagang bahagi ng Luzon, malapit sa Taiwan. Maituturing itong opensibang pagpopostura at bahagi ng panghihimasok ng US sa internal na usapin ng Taiwan at China.



Base ng imperyalistang makinarya sa digma

Ang Pilipinas, sa pamamagitan ng sagadsaring tutang estado nito, ang tanging bansa sa Southeast Asia na nagpapahintulot ng matagalang pagbabase ng mga dayuhang tropa at kanilang mga armas sa kalupaan at karagatan nito. Ito lamang din ang mayroong pormal na mga kasunduang militar sa US na katulad ng Mutual Defense Treaty at Enhanced Defense Cooperation Agreement sa rehiyon. Tanda ng sagadsaring pagpapakatuta nito, binuo ng AFP ang Strategic Command para buklurin ang iba't ibang sangay nito para higit na padulasin ang daloy ng kumand ng US sa loob nito.

Sa susunod na mga buwan, hindi na lamang mga tropang Amerikano ang pahihintulutan ng rehimeng Marcos na magbase sa Pilipinas. Nasa negosasyon na ang pagtatatag ng Japan at Australia, mga mayor na alyado ng US, ng sarili nitong mga base at imbakan sa bansa. Dagdag sa US, apat nang bansa ang pinahihintulutang maglabas-pasok ng tropa, gamit at sasakyan alinsunod sa binuong mga *visiting forces agreement* (VFA). Pinakahuli dito ang VFA kasama ang Canada na nilagdaan noon lamang Nobyembre 2.

Walang patid at nagsasalit-salitan ang presensya ng mga dayuhang tropa sa bansa sa anyo ng walang katapusang *war games, multilateral maritime exercise*, "pagbabahaginan" ng karanasan at mga operasyong sibil-militar. Ginagamit ng mga ito maging ang sunud-sunod na mga sakunang dinaranas ng mga Pilipino, tulad ng lindol at baha, para gawing "normal" sa mamamayan ang kanilang presensya at panghihimasok sa internal na mga usapin sa bansa. AB

Dambuhalang protestang bayan kontra kurakot, inihahanda para sa Nobyembre 30

Nakatakdang ilunsad ang isang dambuhalang protesta ng mamamayan kontra korapsyon sa Luneta Park sa Maynila at iba pang bahagi ng bansa sa Nobyembre 30. Pangungunahan ang pagkilos ng bagong tatag na Kilusang Bayan Kontra Kurakot (KBKK) na ibinunga ng protesta ng 100,000 indibidwal sa tinaguriang Baha sa Luneta noong Setyembre 21. Ipapanawagan ng grupo: "Lahat ng sangkot, dapat managot!"



Ayon sa KBKK, tanging sa pagpapanagot lamang sa lahat ng dawit sa anomalya mawawakasan ang sistemikong korapsyon na pumepeste sa sambayanan. Kabilang sa "lahat" si President Marcos na siyang nagbuo at nag-apruba sa taunang badyet na batbat ng anomalya at si Vice President Duterte na nasasakdal sa paglustay sa daanmilyong *confidential and intelligence funds*.

Sa buong Nobyembre, linggulinggong ilulunsad ng mga kaanib ng KBKK ang Black Friday Protest, mga piket at kalampagan sa mga komunidad, unibersidad, pagawaan, palengke at kung saan natitipon ang mamamayan. Pangungunahan rin nito ang mga porum, malalaking pulong at paglaladlad ng mga istrimer para abutin ang mas maraming Pilipino.

Noong Oktubre, sunud-sunod ang naging protesta at mga aktibidad ng mga organisasyon sa ilalim ng KBKK. Nagmartsa mula Liwasang Bonifacio tungong Mendiola sa Maynila ang libu-libong magsasaka, kasama ang ibang demokrating sektor noong Oktubre 21. Panawagan nila ang tunay na reporma sa lupa at pagpapanagot sa rehimeng Marcos sa katiwalian. Nagkarooon din ng mga pagkilos sa Cebu, Bacolod, Davao at Santiago City sa Isabela, at sa mga prubinsya ng Southern Tagalog at Panay. Sumuporta sa mga magsasaka at naglunsad ng "global kalampagan" ang mga migranteng Pilipino mula sa US, Canada, Australia, United Kingdom, Japan, Hong Kong at South Korea.

Noong Oktubre 24 isinagawa ang Black Friday Protest ng Bayan-NCR sa mga syudad ng Maynila, Quezon, Pasig, Taguig, at Valenzuela. May katulad na aktibidad sa Laguna at Albay. Sinugod naman ng mga myembro ng Kalikasan-PNE, People Surge at Kadamay ang *compound* sa Taguig City kung saan nag-uupisina ang ICI.

Noong Oktubre 27, nagtipon sa San Juan City ang mga obispo, pari at pastor mula sa iba't ibang denominasyon na nakabase sa National Capital Region para itatag ang Church People Against Corruption. Kinabukasan, nagprotesta ang mga balangay ng Gabriela sa Pambansang Araw ng Protesta ng Kababaihan.

Noong Oktubre 30, nagprotesta ang mga manggagawang pangkalusugan sa Quezon City para kundenahin ang korapsyon, at manawagan ng dagdag sweldo, pagbabayad sa mga benepisyo at karagdagang tauhan sa mga ospital ng gubyerno. Kumilos rin ang mga estudyante sa UP-Tacloban at University of Eastern Philippines sa Northern Samar.

Noong Oktubre 31, muling nagmartsa ang mga grupo sa ilalim ng Bayan sa Mendiola sa Maynila. Inilunsad rin sa araw na iyon ng Concerned Artists of the Philippines ang #StopKorap Halloween Party na may temang "Ghost Projects: The Exorcism!" sa Quezon City. Nagkaroon rin ng Black Friday Protest sa Caloocan at Pasay City, San Pablo City sa Laguna, at sa Cagayan de Oro City.

Pangil ng pasismo

Sa harap ng lumalawak na galit ng mamamayan, tuluy-tuloy ang pagtatangka ng rehimeng Marcos na supilin at sindakin ang kabataan. Noong Nobyembre 3, nag-anunsyo ang Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) na nagsampa ito ng mga kaso sa 97 hindi pinangalanang indibidwal kaugnay ng protesta noong Setyembre 21 na humantong sa marahas na pagsupil ng mga pulis.

Dagdag sa kanila, apat na liderestudyante mula sa University of the Philippines-Diliman, Polytechnic Uni-versity of the Philippines at De La Salle-College of St. Benilde ang pinadalhan ng PNP-CIDG ng *subpoena* para ipailalim sa imbestigasyon. Tumanggi ang mga lider-kabataan na humarap sa mga pulis. Isang protesta rin ang idinaos nila noong Oktubre 27 sa hedkwarters ng PNP sa Quezon City para batikusin ang mga *subpoena*.

Liban dito, sampu sa mga inarestong 270 indibidwal noong Setyembre 21 ang inirekomenda ng prosekyutor sa Maynila na pormal na humarap sa kasong *tumult and other disturbances of public order*. Samantala, ibinasura ang mga reklamong iligal na asembleya at *direct assault* na isinampa sa mga inaresto dahil sa kawalan ng sapat na ebidensya. AB

Korapsyon at pagkukwari sa Cebu, nagresulta sa trahedya

UMAABOT NA SA 139 ang naitalang namatay sa Cebu noong Nobyembre 7 sanhi ng pagragasa ng baha dulot ng walang pakundangang pagkukwari sa kabundukan ng isla, na pinalala ng mataas na bolyum ng ulan na dala ng Bagyong Tino. Pinakamarami ang naitalang napatay sa Liloan at mga syudad ng Talisay, Mandaue at Cebu, mga lugar kung saan dapat may nakatayong imprastruktu-rang *flood control*, kabilang ang mga proyektong kinontrata sa mga kumpanya ng mga Discaya. Pangalawa ang Cebu sa may pinakamaraming proyektong *flood control* sa bansa na nagkakahalagang ₱26 bilyon.

Panawagan ng mga Cebuano ang hustisya sa mga nasalanta dulot ng kapalpakan ng mga proyektong *flood control*, at pananagutan sa mga tiwaling lokal at pambansang upisyal ng gubyerno.



Piket kontra taas-singil sa tubig. Nagpiket ang Bayan-Panay sa upisina ng Metro Iloilo Water District sa Iloilo City noong Oktubre 20 para batikusin ang nakatakdang pagtaas ng singil sa tubig. Magtataas ng singil ang Metro Pacific Iloilo Water nang 26% tungong ₱25.2 kada *cubic meter* sa Nobyembre at magiging ₱28.67 kada *cubic meter* sa Marso 2026, mula sa kasalukuyang ₱20 kada *cubic meter.*

NCIP sa Pampanga, kinalampag ng mga Ayta. Nagtungo sa upisina ng NCIP Regional Office sa San Fernando, Pampanga noong Oktubre 23 ang mga katutubong Ayta at iba pang mga sektor. Nagpahayag sila ng pagtutol sa mga proyektong nangangamkam sa kanilang lupang ninuno tulad ng mga operasyong kwari, mina, mga *golf course* at *solar farm*. Bago ang pagkilos, itinatag ng mga Ayta ang kanilang organisasyon na Mansaway at ang Pamilalamu, samahan ng mga katutubo at simbahan.

Mga kabataang Mindanaoan para sa Palestine. Naglunsad ng pagkilos ang mga estudyante sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology sa Iligan City at University of Science and Technology of Southern Philippines sa Cagayan de Oro City noong huling linggo ng Oktubre bilang pakikiisa sa mamamayang Palestino. Binatikos nila ang henosidyo ng Zionistang Israel at ng imperyalistang US laban sa mga Palestino sa Gaza.

Pagtutol sa pribatisasyon sa palengke sa Baguio City. Kumilos ang mga residente ng Baguio City noong Oktubre 26 para tutulan ang pribatisasyon o tinawag nilang "mallification" ng SM Prime Holdings at lokal na gubyerno sa pampublikong palengke sa syudad. Naglunsad ng iba't ibang tipo ng aktibidad ang mga grupo bilang panawagan para sa inklusibo at nakasentro sa komunidad na pag-unlad sa syudad.



Laban ng manggagawa sa Wyeth Philippines. Muling nagprotesta ang mga manggagawa sa pangunguna ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union-DFA-KMU sa harap ng planta ng kumpanya sa Cabuyao City, Laguna noong Oktubre 24. Kinundena nila ang patuloy na pagtanggi ng kapitalista na tugunan ang panawagan nilang makatarungang sahod at regularisasyon sa halos apat na buwan nang negosasyon para sa *collective bargaining agreement* (CBA).

Sahod at karapatan, panawagang igalang sa Kowloon. Nagpiket ang mga manggagawa ng Kowloon House West sa labas ng restawran sa West Avenue, Quezon City sa pangunguna ng Kowloon House West Chapter ng Glowhrain-KMU noong Oktubre 24. Kinundena ng unyon ang tinawag nitong tahasang pagbalewala ng maneydsment sa karapatan ng mga manggagawa at paglabag sa kanilang CBA. Ayon sa unyon, bigo ang restawran na ipatupad ang mga prubisyon ng CBA tulad ng *across-the-board* na pagtaas ng sahod alinsunod sa atas ng *regional wage board* at wastong proseso sa mga kaso ng pagdisiplina. Hindi rin ito nagbibigay ng nararapat na benepisyo at proteksyon.

2 unyon sa UA&P, naghahandang magwelga. Nagsumite ng ulat ng *strike vote* ang University of Asia and the Pacific (UA&P) Union of Faculty Members at UA&P Union of Allied Employees sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB) noong Oktubre 27. Tugon ito ng dalawang unyon sa pagtanggi ng administrasyon ng unibersidad sa panawagang dagdag sweldo, benepisyo at maayos na kalagayan sa trabaho. Apat na buwan na ang pakikipag-areglo ng mga unyon sa administrasyon sa antas ng NCMB ngunit nanatiling matigas at bingi ito sa kanilang panawagan.

94th IB, inatake ng BHB

NAGLUNSAD NG OPERASYONG haras ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros (Romeo Nanta Command) laban sa tropa ng 94th IB sa Sityo Cantupa, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental noong gabi ng Oktubre 27. Hindi bababa sa dalawa ang nasugatan sa mga berdugong sundalo.

Nagtakbuhan ang mga sundalo at ilang segundo pa bago nakaganti ng putok. Walang patumanggang nagpaulan ng bala sa erya ang 94th IB gamit ang kanilang masinggan at nagpaputok ng M203.

Samantala, naiulat na sumuko sa BHB-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr Command) ang ilang ahenteng intel ng 15th IB sa bayan ng Cauayan noong Oktubre. Tinanggap ng yunit ang pagsuko sa batayang wala pang pinsala at utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang mga aset.

Sa diwa ng kilusang pagwawasto

Pinalalakas ng Kaguma ang hanay ng mga rebolusyonaryong guro

Mapagpasyang pinangingibabawan ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) ang mga kahinaan at kamalian nito sa nagdaang mga taon, sa inspirasyon ng kilusang pagwawasto ng rebolusyonaryong kilusan. Patunay nito ang pagdaraos ng rebolusyonaryong grupo ng mga guro ng kanilang Ika-apat na Pambansang Kongreso noong Oktubre.



Nagtipon ang hindi bababa sa 79 kasapi mula sa mga balangay ng Kaguma mula sa iba't ibang rehiyon, akademikong institusyon at unibersidad sa sektor ng edukasyon para sa kongreso. Nagkaisa ang mga delegado sa temang "Sulong rebolusyonaryong kilusang guro! Magwasto! Magpalawak! Makibaka! Magtagumpay! Buong kakayahang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba!"

Higit dalawang dekada na ang nakalilipas mula nang ilunsad ang huling kongreso ng grupo. Ang mga una nitong kongreso ay isinagawa noong 1985, 1987 at 2003. Naitatag ang grupo noong Marso 28, 1971.

"Muling ibangon ang Kaguma, mapangahas na magpalawak at magpalakas sa buong bansa. Puspusang isulong ang mga komprehensibong tungkulin para sa rebolusyon," ayon sa Pambansang Kalihiman sa ulat nito sa pagsisimula ng kongreso.

Sa pagtitipon, iniulat ng kalihiman ang pagsusuma ng Kaguma sa sariling organisasyon sa nakalipas na dalawang dekada. Tampok dito ang mapagkumbabang pagpupuna sa sarili sa pagbitiw sa batayang prinsipyo ng rebolusyonaryong organisasyon at sa mga pamamaraan nito sa nakalipas na mga taon.

Naipinal at napagkasunduan ng kongreso ang mahahalagang dokumento ng Kaguma kabilang ang oryentasyon, saligang batas at ang tatlong taong taktikal na plano nito. Binalangkas sa kongreso ang anim na resolusyong gagabay sa tuluy-tuloy na pagsulong ng organisasyon.

Naghalal din ang kongreso ng bagong Pambansang Konseho at Pambansang Komiteng Tagapagpaganap na tatayong pamunuan ng organisasyon sa buong bansa. Pinili si Guia Umili bilang tagapangulo at tagapagsalita ng Kaguma.

Binati ng National Democratic Front of the Philippines at ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kapasyahan at pagpupursigi ng Kaguma sa pagdaraos ng Ika-apat na Pambansang Kongreso nito.

"Umaasa kami na sa kongresong ito ay makokonsolida ninyo ang inyong hanay, makakahalaw ng mga aral mula sa mga karanasan, at mas matatag na susulong sa pagtupad sa mga tungkulin sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong hanay ng mga guro," pahayag ni Elias Dipasupil, pangkalahatang kalihim ng NDFP.

Ayon kay Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng PKP, hindi mapasusubaliang makasaysayan ang nailunsad na kongreso, hindi lamang dahil naidaos ito matapos ang mahabang panahon, kundi dahil tiyak na bungad ito ng bagong panahon ng pagsulong sa mas mataas na antas ng rebolusyonaryong kilusang guro.

Ani Valbuena, ang Kaguma ay nagsisilbing sinag para sa mga guro na nagbibigay ng liwanag sa landas na dapat nilang bagtasin para makamit ang hangarin nila at ng buong bayan. "Sa inyong pagpupunyagi, binibigyan ninyo ng inspirasyon ang mga guro para tumanaw lagpas sa kasalukuyang mga kahirapan, at makiisa sa pakikibaka ng mas malawak na sambayanan para ganap na baguhin ang kaayusang panlipunan," mensahe niya sa Kaguma.

Sa pagtatapos ng kongreso, sama-samang muling sumumpa ang mga kasapi at mga bagong halal na pamunuan na sinundan ng pangwakas na pananalita ng tagapangulo. Sa kanyang talumpati, kinilala at pinarangalan ng tagapangulong si Umili ang mga martir ng sektor at ng sambayanan. "Silang nag-alay at nagbuwis ng buong buhay para sa rebolusyon. Pagpugayan natin ang mga kasamahan nating nasa kanayunan, at tumatangan ng mataas na uri ng pakikibaka," aniya.

Nag-iwan din ng hamon sa mga delegado ng kongreso si Umili: "Nawa'y patuloy na lumakas ang ugnayan ng ating rebolusyonaryong teorya at praktika; nawa'y ang mga dokumento't mga pag-aaral ay hindi maging tigil na kaalamang nakaimbak lamang sa ating mga isipan kundi maging gabay sa pagpapaunlad ng ating pagkilos; at ang ating pagkilos nama'y itulak tungo sa mas mataas na antas ang ating rebolusyonaryong teorya." AB

SA MADALING SALITA

PORK BARREL ni MARCOS

₱15.9 BILYON

confidential and intelligence funds (2022-2025)

₱2.1 TRILYON

unprogrammed allocations (2023-2025); kung saan ₱214.4 ay inilaan sa 3,700 *flood control projects*, karamihan maanomalya at *ghost*.

188

namatay at 135 ang nawawala, karamihan sa Visayas dulot ng matinding pag-ulan at pagbaha na dala ng **Bagyong Tino**. Nasa 127,827 pamilya ang napilitang magbakwit mula sa kanilang mga komunidad.



₱1.79 bilyon

pondong iginugol sa *substandard* na *flood control project* sa **Bunawan River** sa Davao City mula 2016 hanggang 2024. May mga bahagi ito na di tapos hanggang ngayon.

Pinagkunan: Kilab Multimedia

3,000

mangingisda sa Bais City at Manjuyod ang napinsala ang kabuhayan dahil sa pagkabuhos ng kemikal na *ethanol* mula sa **URC Sugar and Renewables Group Distillery Plant** noong Oktubre 24; nilason ng kemikal ang mayamang katubigan at yamang-dagat ng Tañon Strait.



1 sa bawat 5

Pilipino sa edad 10-64 ay ***functionally illiterate***. Kaya nilang magbasa at magsulat pero hindi ito magamit sa araw-araw na buhay.

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority/Functional Literacy, Education and Mass Media Survey




15 milyon

Venezuelan ang nagpalista mula Agosto para muling itayo ang **Bolivarian Militia** sa buong bansa. Pagpapakita nito na "handa, aktibo at armado" ang pwersang milisya na ipagtanggol ang pambansang teritoryo ng Venezuela sa harap ng pananakot at bantang pananalakay ng US.

14 taon

na ang lumipas mula nang pinatay ng paramilitar ng AFP si **Fr. Pops Tentorio**, tagapagtaguyod ng karapatan ng mga Lumad at tagapagtanggol ng kalikasan, noong **Oktubre 17, 2011**.



Ang tumitinding pasistang panunupil ng rehimeng Trump sa mamamayan ng US

Sasampung buwan pa lamang mula nang maupo muli si Donald Trump sa kapangyarihan, umaabot sa bagong antas ng igting ang kanyang patakarang anti-mamamayan at anti-demokratiko.

Sinasagad ni Trump ang hangganan ng kanyang kapangyarihan bilang presidente ng US. Umaasta siyang hari at diktador na ginagawa anuman ang kanyang naisin nang walang pananagutan. Hayagan niyang idinidirehe ang kanyang administrasyon tungong paghaharing pasista at diktadura. Hayagan din niyang sinisikil ang mga kalayaan at karapatang sibil ng mamamayan at sinasagasaan ang sariling mga batas, proseso at institusyon.

Sa pag-aastang diktador, ginagamit ni Trump ang mga pwersang militar (US Marine at National Guard) upang paluhurin ang mga *sanctuary state* o mga estadong kumikilala sa karapatan ng mga imigrante. Noong Setyembre, ipinahayag ni Trump ang kanyang planong gamitin ang militar upang supilin ang mga paglaban sa kanyang mga patakaran. Aniya, walang pinag-iba ang mga taong tumututol sa kanyang rehimen sa mga kaaway ng US sa ibang bansa.

Binigyan ni Trump ang Immigration and Customs Enforcement (ICE) ng "kota" na 3,000 pang-aaresto ng mga imigrante kada araw at binigyan ng awtorisasyon ang paggamit ng pinakamararahas at brutal na pamamaraan. Target ng pambubugbog, pamamaril, pagtugis at deportasyon ang sinumang tumutuligsa kay Trump, ang mga "mukhang imigrante" at mga aktibista.

Umabot na sa 23 indibidwal ang nasawi habang nasa kustodiya ng ICE, karamihan dulot ng pagkait ng atensyong medikal. Nasa 515,000 na indibidwal ang napadeport at nasa 1.6 milyong imigrante ang sapilitang lumayas o kusang umalis ngayong taon. Halos 60,000 ang iligal na nakakulong sa mga pasilidad ng ICE kung saan dumaranas sila ng pang-aabuso, pagmamaltrato at kawalan ng serbisyong medikal.

Sakim sa kapangyarihan, ilang beses nang ipinahayag ni Trump ang kanyang intensyon na tumakbong muli bilang presidente sa ikatlong termino sa anumang paraan, kahit labag ito sa konstitusyon ng US. Iniluklok niya sa kapangyarihan ang kanyang mga alyado at sariling mga abugado, habang kinasuhan, tinugis at tinanggal sa trabaho lahat ng kumakalaban at hindi sumusunod sa kanyang kapritso. Pilit niyang pinaluluhod sa kanyang nais ang mga kumpanya ng midya, husgado, mga ahensya ng gubyerno, mga kritiko, at mga unibersidad.

Pinaigting din ni Trump ang dayuhang panghihimasok ng US. Sa pamamagitan ng pagsuplay ng mga misayl at armas sa Zionistang estado ng Israel, aktibong nakikipagsabwatan si Trump sa henosidyo laban sa mga Palestino. Sinulsulan niya ang paglusob ng Israel sa Iran noong Hunyo at ipinag-utos ang paghulog ng malalaking bomba doon. Idineklara niya ang planong lusubin ang Venezuela para pwersahang patalsikin ang anti-imperyalistang presidente na si Nicolas Maduro. Patuloy ang pakikipaggerang *proxy* ng US laban sa Russia sa Ukraine. Palawak nang palawak ang panghihimasok nito sa Taiwan at Pilipinas.

Garapalang ginagamit ni Trump ang kanyang pusisyon upang lalong magkamal ng yaman. Kinasuhan niya ng "fake news" ang isang kumpanyang *media*, para lamang tumanggap ng ilang milyong dolyar na "pakikipag-ayos." Buong tuwa niyang tinanggap ang isang $400-milyong *jumbo jet* mula sa gubyerno ng Qatar bilang "donasyon" na mapupunta sa kanyang pag-aari pagkatapos ng kanyang termino. Noong Oktubre, iginiit niya sa tao niya sa Department of Justice na dapat siyang bayaran ng ahensya ng halagang $230 milyon bilang kumpensasyon dahil diumano sa paglabag nito sa kanyang karapatan nang imbestigahan siya ng gubyerno noong 2023 at 2024.

Sa kasalukuyan, nakapailalim sa "shutdown" o sarado ang gubyerno ng US dahil sa di pagkakasundo ng mga kongresista kaugnay sa badyet ng estado para sa 2026. Walang pakialam ang rehimen sa nararanasang pagdurusa ng mga empleyado ng gubyerno na nagtatrabaho nang walang sahod, o sa paubos nang ayudang pagkain para sa mga pamilyang tumatanggap lamang ng minimum na sahod. Sa halip, abala siya sa pagtatayo ng 90,000 metro kwadradong *ballroom* (bulwagang-sayawan) sa White House na nagkakahalaga ng $300 milyon, na plano niyang ipangalan sa kanyang sarili.

Nasasagad ang galit ng mamamayan ng US sa rehimeng Trump. Maging ang mga dating sumuporta sa kanya ay nagpahiwatig na ng galit at pagkadismaya sa kanyang pamamalakad. Hindi pa siya umaabot ng isang taon sa katungkulan ngunit nais na siyang patalsikin sa pwesto ng mga Amerikano.

Lumalakas ang sigaw ng mamamayang Amerikano: Patalsikin sa trono si Trump! Daan-dang protesta na ang inilunsad sa iba't ibang bahagi ng US upang kundenahin ang kanyang anti-mamamayang mga patakaran. Nagbuklod ang mga komunidad upang protektahan ang mga imigrante mula sa marahas na pagtugis ng ICE.

Umabot sa pitong milyon ang dumalo sa protestang "No Kings" noong Oktubre 18 upang ipakita ang kanilang disgusto sa pasista at anti-mamamayang pamamahala ni Trump. Ito ang pinakamalaking pagkilos sa bansa ngayong taon. Ito

Sundan sa pahina 9

Kalagayan ng mga Pilipinong migrante, lumulubha

Sa nagdaang mga linggo, sunud-sunod ang mga ulat ng kaabа-abang kalagayan ng mga Pilipinong migrante na marahas na tinutugis, inaabuso, dinedeport at pinagkakaitan ng hustisya at mga karapatan. Sa pag-igting ng pandaigdigang krisis sa ekonomya, napagbubuntunan sila ng reklamong pang-aagaw ng trabaho, sinisisi sa implasyon at pagtaas ng tantos ng krimen sa kinalalagyan nilang mga bansa.

Sa Canada, Japan at Korea, mas umigting ang pagtugis sa mga imigrante dulot ng anti-migranteng polisiya at lumalalang kultura ng rasismo at *xenophobia*.

Sa Taiwan, umabot sa 169 ang naitalang bilang ng biktima ng panggagahasa sa hanay ng mga migranteng manggagawa sa bansa noong nakaraang taon. Nasa 22 sa mga biktima ay Pilipino. Mayorya sa mga biktima ay nagtatrabaho sa pagawaan at bilang *domestic helper*.

Sa US, 143 Pilipinong marino ang idineport mula nakaraang taon. Noong Setyembre, kinansela ng embahada ng US sa Pilipinas ang aprubado nang mga US *visa* ng mga marino na paalis pa lamang sa bansa. Tulad sa mga pinadeport na marino, ginamit ng embahada na dahilan ang paratang na kasong *child pornography* kahit walang ebidensya o imbestigasyong isinagawa.

Sa Thailand, higit isang daang Pilipinong biktima ng "scam-hub trafficking" ang nakarating na sa hangganan ng Myanmar at nangangailangan ng agarang saklolo at kagyat na aksyon.

Sa Kuwait, hilaw na hustisya ang nakamit ng pamilya ni Dafnie Nacalaban, isang *domestic helper* na pinatay ng kanyang amo. Pinatawan lamang ng 14 na taong pagkakakulong ang naturang amo na mababang sentensya para sa kanyang krimen.

Sa The Netherlands, ipinagkait din ang hustisya sa 11 Pilipinong migranteng manggagawa sa desisyon ng Public Prosecution Service na ibasura ang reklamo nilang *human trafficking* laban sa Saints and Stars Gym na nakabase sa Amsterdam.

Ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga migrante ay direktang bunga ng *labor export policy* ng reakyunaryong gubyernong Pilipino. Sinusuhayan ng mga patakarang ito ang migrasyon ng mga manggagawang Pilipino sa halip na tugunan ang problema ng kawalan ng trabaho, nakabubuhay na sahod at disenteng serbisyong sosyal. AB

Mula sa pahina 8

rin ang ikatlong pambansang protesta ngayong taon.

Aktibong lumalahok ang mga demokratikong organisasyon ng mga Pilipino sa mga pagkilos sa US. Naglunsad sila ng mga kampanya, sa ilalim ng Tanggol Migrante Movement, upang ipanawagan ang pagpapalaya, bigyan ng proteksyon at serbisyo ang mga iligal na ikinulong na mga Pilipinong migrante, at singilin ang gubyernong Marcos sa pananagutan nitong protektahan ang mga Pilipino sa US.

Sa Nobyembre 8, sa unang taon ng pagkapanalo sa eleksyon ni Trump, nakatakdang maglunsad ng protesta ang iba't ibang tsapter ng mga organisasyon sa US sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan. AB

North Caloocan, inaatake ng 12th CMO at NTF-Elcac

Isang buwan nang niliiligalig ng 12th Civil Military Operation (CMO) Battalion at NTF-Elcac ang mga residente ng North Caloocan. Kaliwa't kanan ang ginawa nitong *Red-tagging*, paniniktik at panggigipit laluna sa mga myembro ng progresibong organisasyon sa mga barangay.

Unang nadeploy ang batalyon sa Barangay 181-182, Pangarap Village noong Oktubre 3 sa tabing ng Community Support Program. Plano ng militar sa supilin ang paglaban ng mamamayan na kumakaharap sa banta ng demolisyon mula sa pamilyang Araneta.

Nagsimulang magkampo ang 12th CMO sa pangunguna ni 2nd Lt. Julie San Jose sa likuran ng *covered court* ng Barangay 175, Camarin noong Oktubre 6, sa tabing ng kapayapaan at katiwasayan. Dito na nagpokus ng operasyon ang batalyon. Pagkalipas ng ilang araw ay sinaklaw ng kanilang operasyon ang Barangay 187-188 Tala.

Noong Oktubre 28, pinasok ang upisina ng Gabriela-Caloocan ng nagpakilalang mga pulis. Nagdeklara ang mga ito na may dalang *warrant of arrest* pero walang naipakitang dokumento. Sa parehong araw, ipinatawag ng militar at kapitan ng barangay ang mga myembro ng Gabriela-Matarik sa *barangay hall* kung saan pinaratangan silang rekruter ng rebolusyonaryong organisasyon.

Ginamit din ng NTF-Elcac ang asembliya ng barangay noong Oktubre 18 upang magpalaganap ng maling impormasyon at i-*Red-tag* ang mga organisasyong masa. Lantaran ang paniniktik ng militar sa mga kilos protesta laban sa korapsyon ng mga progresibong grupo, na inilunsad sa Camarin Kiko Palengke at sa UCC Congressional Village noong Oktubre 10 at 17.

Nangangamba ang Defend Caloocan na muling pipilitin ng militar ang mga myembro ng progresibong grupo at ang mga residente na "magbalik-loob" tulad ng ginawa ng 12th CMO sa United Vendors Alliance noong 2024.

Ang militarisasyong nagaganap sa North Caloocan ay nakaayon sa balangkas ng National Action Plan for Unity, Peace and Development. Ayon sa programang Capacitating Urban Communities for Peace and Development na pinangungunahan ng Department of the Interior and Local Government, isinasailalim ang mga komunidad sa kalunsuran na may nakatayong makabayang organisasyon sa operasyong sarbeylans, panggigipit at panunupil ng PNP at AFP. AB

Panghihimasok ng NTF-Elcac sa mga unibersidad, binibigo ng mga estudyante

MULAT AT MILITANTENG binibigo ng mga kabataan at estudyante ang tangkang panghihimasok ng National Task Force-Elcac at mga bayarang traydor sa rebolusyonaryong kilusan sa mga unibersidad sa tabing ng mga "porum" at "akademikong talakayan."

Sa UP Mindanao, nag-*walkout* ang mga lider-estudyante sa kampus sa porum ng TAGBO 2025 noong Oktubre 26 dahil sa pagsingit at pagsasalita ni Arian Ramos, traydor sa rebolusyonaryong kilusan at isa sa pinakapusakal na tagapagtanggol ng NTF-Elcac at Armed Forces of the Philippines. Si Ramos, sampu ng kanyang kaparehong mga traydor, ang nangunguna sa *Red-tagging* ng lehitimong mga organisasyong estudyante at kanilang mga lider. Nagdala pa si Ramos ng "bodyguard" na ahenteng paniktik na nagdulot ng matinding pangamba sa mga estudyante.

Pinuri ng Council of Student Leaders ng unibersidad ang ginawang pag-*walkout* ng mga estudyante. Tinuligsa rin nila ang administrasyon ng UP Mindanao na nagpahintulot sa pangyayari na anila'y hindi isang "isolated" na insidente. Anila, salamin ito ng mga "kahinaan sa institusyon" na dati na nilang tinuligsa. Higit 30 organisasyong pang-estudyante ng UP Mindanao ang pumirma sa pahayag ng CSL.

Sa UST, napaatras ng kolektibong pagkundena ng mga estudyante ang sana'y partisipasyon ng NTF-Elcac sa porum na "Preventing Terror Grooming: The Philippine Experience." Ayon sa mga progresibong grupo sa kampus, ang pag-imbita sa ahensya ay pagyurak sa dangal ng pamantasan at sa mga Tomasinong ipinaglalaban ang katotohanan.

Noong Nobyembre 5, nagsagawa ng protesta ang mga estudyante sa kampus bilang pagrerehistro ng pagbatikos sa NTF-Elcac at sa porum. Bagaman napaatras ang NTF-Elcac, nagsilbi pa ring panauhin at tagapagsalita sa porum noong Nobyembre 6 ang kinatawan ng National Security Council at traydor na si Arian Ramos. Nakipagdebate sa kanila at nanindigan kontra Red-tagging ang isang aktibista sa UST.

Isla ng Leyte, sinalanta ng militarisasyon ng 802nd IB

SIMULA ENERO HANGGANG Oktubre ngayong taon, hindi bababa sa 99 na barangay at 15 munisipalidad sa isla ng Leyte ang sinalanta ng operasyong kombat ng 802nd IB. Katuwang nito sa operasyon ang 14th IB, 93rd IB, 8th CMO Battalion at pulis.

Sa prubinsya ng Leyte, nasa 10 bayan ang sinaklaw ng operasyong kombat, kabilang ang Baybay City, na noong Pebrero ay ikinategoryang Stable Internal Peace and Security Condition (SIPSC) para palabasin na wala nang pwersa ang hukbong bayan sa lugar. Noong Setyembre, ipinailalim sa *hamlet* ang Barangay Caraye sa Javier, at barangay Igang at Hilapnitan sa Baybay City.

Sa Southern Leyte, limang bayan ang militarisado, kabilang ang Saint Bernard na ikinategorya ring SIPSC noong Marso.

Ayon sa mga residente, tuwing nasa baryo ang militar ay tuluy-tuloy ang pananakot ng mga ito. Sapilitan silang pinauuwi nang maaga mula sa kanilang mga sakahan. Pinagbabantaan silang aarestuhin at ikukulong kung magbibigay ng tulong sa hukbo. Pinasuko rin ng militar ang mga baril na ginagamit ng mga residente sa pangangaso.

Isa sa pinakahuling krimen ng militar sa isla ang pagdakip sa magsasakang si "Loloy" na taga-barangay Masuganao, Mahaplag, Leyte. Pinararatangan siyang myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Paglabag sa karapatang-tao sa Panay at Negros, nagpapatuloy

Patuloy na tinatarget ng militar at pulis ang mga magsasaka sa isla ng Panay at Negros sa nagdaang mga linggo para sindakin ang mga komunidad at maghasik ng terorismo.

Sa Negros Occidental, pinatay ng militar ang babaeng magsasaka na si Joan Escuadro noong Nobyembre 3 ng gabi. Pinasok ng mga ahente ng militar ang kanyang bahay at malapitan siyang binaril.

Sa Bago City, patuloy ang panggigipit ng pulis ng Negros Occidental District Jail-Male Dormitory sa mga bilanggong pulitikal at lider na lumaban sa pang-aabuso ng napatalsik ngunit nakabalik sa poder na si *warden* Maj. Crisysrel Awe. Arbitraryong ibinartolina si Lorenzo Perolino simula Oktubre 26 ng hapon.

Sa Iloilo City, inaresto ng mga pulis ang 67 taong gulang na si "Mayok" sa Barangay Buntatala, Jaro noong Nobyembre 3. Sinampahan siya ng patung-patong na mga kasong kriminal at pinararatangan na mataas na upisyal ng rebolusyonaryong kilusan. Mayroon siyang patong sa ulo na ₱2.55 milyon.

Samantala, inaresto ng mga pulis at militar ang organisador ng magsasaka at katutubo na si Marlene Espiritu habang bumabyahe sa Mabalacat City, Pampanga noong Nobyembre 1. Pinararatangan siyang mataas na upisyal ng BHB sa Central Luzon at sinampahan ng limang kasong kriminal.

Sa Davao City, pinatawan ng 30-araw na suspensyon ng Ombudsman noong Oktubre 20 ang kapitan ng Barangay Bucana 76-A na si Robert Olanolan dahil sa kanyang paglaban sa demolisyon sa Kabacan at Times Beach mula pa Enero 2024. Kumakaharap si Olanolan ng reklamong *grave abuse* na isinampa ng DMCI na balak magtayo ng negosyo sa lugar. AB